# Gabay sa Burol at Libing sa Panahon ng Biglaang Pagkalat ng COVID-19 sa NYC

Malaking pagbabago ang naidulot ng Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19) sa ating buhay. Karapat-dapat ang lahat ng New Yorkers na ipagdiwang, bigyang parangal at gunitain ang alaala ng kanilang mga mahal sa buhay. Kahit sa panahong nagsasaayos tayo para sa ating mga mahal sa buhay na pumanaw, dapat nating ipagpatuloy ang gawain ng pagdidistansya sa mga tao, mabuting paglilinis ng kamay at pag-iwas sa impeksyon. Kung ikaw ay may sakit, dapat kang manatili sa bahay at iwasan ang pagdalo sa burol, pagtingin at libing. Sa pamamagitan ng pananatili sa bahay, tumutulong ka sa pagpapabagal ng pagkalat ng COVID-19 at pagprotekta sa iba sa pagkakasakit.

**Pinahihintulutan ba ang burol?**

- Oo. Ngunit, dapat ipagpatuloy ng mga panauhin ang mga pag-iingat sa pisikal na pagdidistansya, kabilang ang pagpapanatili ng pagiging malayo ng hindi bababa sa 6 feet mula sa ibang tao. Ito ay nangangahulugang hindi ka dapat yumakap, humalik o kaya ay hawakan ang ibang dumadalo.
- Dapat maging limitado ang mga burol sa sariling pamilya at kakaunting tao lamang hangga't maaari. Lumikha ang maraming punerarya ng mga limit sa bilang ng dadalo batay sa mga iniaatas na ito, kaya't mangyaring alamin nang maaga.
- Maraming punerarya ang naghahandog ng live-streaming, video conference at iba pang remote na opsyon para sa mga taong hindi makakadalo nang personal.

**Mayroon bang mga restriksyon sa kung ano ang gagawin sa mga labi ng miyembro ng pamilya? Mayroon bang iba pang mga patnubay na partikular sa COVID-19 para sa pangangasiwa sa mga labi?**

- Wala. Sa pagkakataong ito, ang isang miyembro ng pamilya o mahal sa buhay ay maaaring ilibing o i-cremate ayon sa kagustuhan ng pamilya. Maaari ring ligtas na i-embalsamo ang isang miyembro ng pamilya. Sa pagkakataong ito, kasalukuyang walang karagdagang patnubay.

**Ligtas bang maging nasa parehong silid kasama ang mga labi ng isang taong namatay sa COVID-19?**

- Kasalukuyang walang kilalang panganib na nauugnay sa pagiging nasa parehong silid kasama ang katawan ng isang taong namatay sa COVID-19.

**Maaari pa rin ba kaming magsagawa ng panrelihiyon o iba pang mga kostumbre, ritwal at tradisyon?**

- Oo, kung maaari, dapat kang makibahagi sa mga ritwal na mahalaga sa iyo.
- Makakapagbigay ang mga direktor ng punerarya at/o lider ng relihiyon ng mga rekomendasyon sa kung paano ligtas na mabibigyan ng parangal ang isang mahal sa buhay.

- Kung mahalaga ang paghuhugas o pagbibihis ng katawan sa panrehiliyon o pangkulturang gawi, dapat kang makipagtulungan sa iyong komunidad, lider ng kultura at relihiyon, at staff ng punerarya upang mabawasan ang potensyal na panganib ng impeksyon. Kabilang dito ang pagsusuot ng protective equipment (pumuprotektang kasuotan), gaya ng mga gwantes.

**Maaari ba naming hawakan ang isang pumanaw na mahal sa buhay sa punerarya (hal., halikan, hawakan ang kamay, yapusin, atbp.)?**

- Mayroon pang maraming bagay na dapat matutunan tungkol sa COVID-19 at sa kung paano ito kumakalat. Kaya hindi mo dapat hawakan ang katawan ng isang taong nakumpirmang may COVID-19 o maaaring nagkaroon ng COVID-19 (nagkaroon sila ng mga sintomas ng sipon o trangkaso ngunit hindi kailanman sinuri para sa COVID-19). Dapat iwasan ang paghalik, paghuhugas o pagdadamit bago, sa panahon ng at pagkatapos na maihanda ang katawan.

**Kailangan ko ba ng isang death certificate (sertipiko ng kamatayan) upang magdaos ng burol?**

- Oo, maaari kang humiling ng isang NYC death certificate online o sa pamamagitan ng pagpapadala ng kopya ng aplikasyon para sa sertipiko. Dahil sa pandaigdigang epidemyang COVID-19, sinuspinde ang personal na pag-oorder ng mga NYC death certificate.

**Kailangan ko bang pirmahan ang mga dokumento o form na nag-aawtorisa sa serbisyo ng punerarya nang personal?**

- Ang iniaatas para sa mga orihinal na pinirmahang dokumento at form na nag-aawtorisa o tumatanggap sa mga serbisyo ng punerarya ay sinuspinde dahil sa COVID-19. Sa halip, maaari kang magsumite ng isang e-signature sa pamamagitan ng email o iba pang mga pamamaraan.

**Gumagawa ba ng mga karagdagang pag-iingat ang mga punerarya upang mapanatili kaming ligtas?**

- Gaya ng iniutos ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit), sumusunod ang mga punerarya sa mga rutinang pag-iwas at pagkontrol na pag-iingat, kabilang ang pag-aatas sa staff na magsuot ng personal protective equipment (personal na pumuprotektang kasuotan) at pagsunod sa mga protokol sa pagdi-disinfect.
- Alinsunod sa mga hakbang sa pagdidistansya sa mga tao, magdaraos ang mga punerarya ng paisa-isang burol lamang.

**Para sa higit pang impormasyon at suporta:**

- Para sa pinakabagong impormasyon, bisitahin ang nyc.gov/coronavirus o cdc.gov/covid19. Para sa mga real-time na update, i-text ang “COVID” sa 692-692. Maaaring maiangkop ang mga singil sa mga mensahe at data.

- Kung nababalisa ka, nai-stress o naliligalig, makipag-ugnay sa mga counselor na may kasanayan sa NYC Well, ang kumpidensyal na linya ng Lungsod. Tumawag sa 888-NYC-WELL (888-692-9355), i-text ang "WELL" sa 65173, o makipag-chat online sa nyc.gov/nycwell.
- Kung kailangan mo ng isang health care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan), nagkakaloob ng pangangalaga ang NYC Health and Hospitals sa lahat ng New Yorkers, anuman ang katayuang pang-imigrasyon, katayuan ng insurance o kakayahan sa pagbabayad. Tumawag sa 844-NYC-4NYC (844-692-4692) o **311**.
- New York State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng New York): Bureau of Funeral Directing (Kawanihan ng Pangangasiwa ng Punerarya):
    - health.ny.gov/professionals/funeral_director/
    - health.ny.gov/vital_records/edrs/docs/covid-19_funeral_guidance.pdf
- Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) Mga Madalas na Itanong (Mga FAQ):
    - cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/faq.html